Para sa mga empleado na nahawahan ng COVID-19 sa lugar ng trabaho

# Kapag nahawaan nito sa lugar ng trabaho, maaring makatanggap ng Industrial Accident Compensation Insurance

## Sino ang kuwalipikado?

■ **Kapag malinaw na sa lugar ng trabaho nahawahan**

■ **Kahit hindi malinaw kung saan ka nahawahan, kung ang iyong trabaho ay may mataas na panganib na mahawahan* at may mataas na posibilidad na ikaw ay nahawahan sa lugar ng iyong pinagtatrabahuhan**

* (Halimbawa 1) Sa lugar ng trabaho kasama ng ibang mga tao na positibo

* (Halimbawa 2) Ilang trabaho na may pagkakataong kalapitan sa kliyente at iba pa

■ **Ang mga doctor, nars at caregiver, bilang patakaran, ay kuwalipikado maliban na lamang kung malinaw na nahawaan sa labas ng lugar ng trabaho**

■ **Kuwalipikado ka rin sa pagtanggap ng Compensation Insurance kapag tuloy-tuloy na lumalabas pa ang mga sintomas (may mga sintomas na lumalabas pagkatapos mahawahan) at na-diagnose na nangangailangan ka ng pagpapagamot, atbp.**

## Kategorya ng benepisyo sa ilalim ng Industrial Accident Compensation Insurance

Ang trabahador na nahawahan dahil sa pagtatrabaho o ang kaniyang kapamilyang namatayan ay makakatanggap ng sumusunod na Compensation Insurance kahit full-time o part-time ang kaniyang pag-eempleyo.
At, **kailangang gawin mismo ng trabahador ang pag-aaplay para tumanggap ng Compensation Insurance.** Kapag hindi matatanggap sa mga bill ang sertipikasyon ng kompanya sa dahilang hindi malinaw kung saan siya nahawahan, atbp., pakisuyong kumonsulta muna sa Labor Standards Inspection Office.

### Medical Treatment (Compensation) Benefit

1) Bilang patakaran, libre ang pagpapapagamot sa mga pagamutang itinakda sa sistema ng Industrial Accident Compensation Insurance.
2) Kapag nagpagamot sa isang pagamutang hindi kasali sa mga pagamutang itinakda ng Rosai, kailangang bayaran ang halaga ng pagpapapagamot at pagkatapos ay maaring isagawa ang pamamaraan para sa "reimbursement" at makatanggap ang kabuuang halaga na ginastos sa pagpapagamot.

### Leave (Compensation) Benefit

Kung hindi nakapagtrabaho at hindi nakatanggap ng sahod, dahil sa pagpapagamot, ipagkakaloob ang Leave (Compensation) Benefit.
■ Mula kailan：ikaapat na araw mula sa araw ng hindi pagpasok sa trabaho
■ Magkano：80% ng Basic Daily Benefit Amount sa isang araw (kasama ng 20% ng Special Allowance)
＊Bilang patakaran, ang Basic Daily Benefit Amount ay kinakalkula sa pamamagitan ng halaga ng 3 buwang sahod bago maganap ang pagkapinsala at hinati sa bilang ng araw sa kalendaryo

### Bereaved Family (compensation) Benefit

Maaaring makatanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension o Bereaved Family (Compensation) Lump-sum ang namatayang kamag-anak na nahawahan sa lugar ng trabaho.

■ Kumonsulta sa Labour Bureau o Labor Standards Inspection Office sa malapit na lugar ▶

Ministry of Health, Labour and Welfare
/Prefectural Labour Bureau/Labor Standards Inspection Office

（2021.12）